Kaya Winasak [Ni Allah] ang mga Angkan ng Israel ay dahil sa paggamit nito ng mga kababaihan nila

Ayon kay Humayd bin 'Abdirrahman: Tunay na narinig si Mu`āwiyah, malugod si Allah sa kanya- sa Taon ng Hajj- habang siya ay nasa Minbar[Tinatayuan ng Nagbibigay Sermon tuwing Jumu'ah],at kinuha niya ang isang sipit ng buhok na mula sa kamay ng isang Taga-bantay.;Nagsabi siya:O mga tao sa Madinah! Nasaan ang mga may kaalaman sa inyo?! Narinig ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagbabawal sa tulad nito,at Sinabi niya: ((Kaya Winasak [Ni Allah] ang mga Angkan ng Israil ay dahil sa paggamit nito ng mga kababaihan nila.))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapahayag ni Humayd bin 'Abdirrahman bin 'Awf-kaawaan siya ni Allah-Na narinig niya si Mu'āwiyyah-malugod si Allah sa kanya-Sa taon ng Hajj-habang siya ay nasa Minbar[Tinatayuan ng Nagbibigay Sermon tuwing Jumu'ah], at sa kamay niya ay sipit na buhok, at ito ay buhok na nakadikit sa bawat isa,ito ay mula sa kamay ng isa sa mga lingkod niya na nagbabantay para sa kanya,kinuha niya ito mula sa kanya, Nagsabi siya;O mga tao sa Madinah! Nasaan ang mga may kaalaman sa inyo?! Ito ay pagtatanggi sa pagpapabaya nila sa pagbabawal sa mga kasalanang ito, at pagwawalang-bahala nila sa pagsuway rito.Pagkatapos ay ipinahayag niya sa kanila-malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay ipinahayag niya sa kanya-Na si Allah-Pagkataas-taas Niya-Ay nagwasak sa Angkan ng Israel-nang gamitin ng mga kababaihan nila ang sipit na nakadugtong sa buhok,At Kaya silang lahat ay winasak ;Dahil sa pag-amin nila sa mga kasalanang,kung saan ay kinabibilangan nila, dahil sa pagkasangkot nila sa anumang kinasasangkutan nila mula sa mga ipinagbabawal. Sharh Muslim isinulat ni Imam An-Nawawi (14/108) Fathul Bariy (6/516)

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8915